COVID-19: Mga Katotohanan sa Bakuna
Pagyayabong (Fertility) at Pagreregla



COVID-19 AT PAGKAMAYABONG

- **Walang ebidensya** na ang anumang bakuna, kabilang ang mga bakuna sa COVID-19 ay nagsasanhi ng mga problema sa pagyayabong [fertility] sa mga kababaihan o kalalakihan. Sa katunayan, ipinapakita ng mga pag-aaral na ang mga bakunadong tao ay nagdadalang-tao sa parehong bilang tulad ng mga hindi pa nabakunahang tao. Wala ring ebidensya na ang mga bakuna sa COVID-19 ay nakakaapekto sa pagdadalaga/pagbibinata o pag-unlad ng kabataan.
- **Inirerekomenda** ng mga medikal na eksperto **ang pagpapabakuna sa COVID-19** para sa mga tao na gustong magkaanak sa hinaharap pati na rin sa sa mga taong kasalukuyang nagdadalang-tao.
- Inirerekomenda rin ng mga eksperto na ang lahat ay **manatiling napapanahon sa kanilang mga bakuna sa COVID-19**. Ito ay lalong mahalaga para sa mga taong sumusubok na magdalang-tao o nagdadalang-tao na. Ang COVID-19 ay maaaring maging mas malala sa panahon ng pagdadalang-tao. Ang pagkakaroon ng COVID-19 sa panahon ng pagdadalang-tao ay pinapataas ang panganib ng mga komplikasyon para sa nagdadalang-tao pati na rin sa kanilang nabubuong sanggol.

MGA PANSAMANTALANG EPEKTO NG BAKUNA SA PAGREREGLA

- Nag-ulat ang ilang kababaihan ng pagbabago sa kanilang regla pagkatapos na magpabakuna sa COVID-19. May limitadong pagsasaliksik sa isyung ito ngunit ang dalawang kamakailang pag-aaral ay nagpapakita ng pangkaraniwan, ngunit maliliit na mga pagbabago pagkatapos ng pagpapabakuna sa COVID-19. Kabilang sa mga pagbabagong ito ang haba ng siklo ng pagreregla at ang oras sa pagitan ng mga regla pati na rin ang mas matinding daloy ng pagdurugo kaysa sa pangkaraniwan. Ang **mga pagbabagong ito ay pansamantala**.
- Mahalagang tandaan, maraming bagay ang maaaring magsanhi ng isang pagbabago sa mga siklo ng pagreregla at napaka-karaniwan sa hanay ng mga kabataan ang hindi regular na regla. Kung mayroon kang pagkabahala tungkol sa iyong regla, makipag-usap sa doktor.



Para sa mas marami pang impormasyon, tingnan ang webpage ng CDC Mga Bakuna sa COVID-19 para sa mga Taong Gustong Magka-anak

LIBRE PARA SA LAHAT ANG MGA BAKUNA – kahit na wala kang seguro (insurance)

Hindi ka tatanungin tungkol sa iyong katayuan sa iyong imigrasyon. Maraming lugar sa buong LA County – marami ang bukas tuwing Sabado at Linggo at gabi at hindi kailangan ng isang tipanan (appointment). Para humanap ng lokasyon sa inyong lugar:

- Bisitahin ang **VaccinateLACounty.com** o tawagan ang **833-540-0473**, 8 ng umaga hanggang 8:30 ng gabi.
- Maaari mo ring tawagan ang 2-1-1 o tanungin ang iyong doktor o lokal na parmasyutiko.
- Magagamit rin ang libreng transportasyon at pagpapabakuna sa bahay.